

Marso 2019

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Nitong tagsibol, ang inyong anak ay kukuha ng pagsusulit bilang bahagi ng California Assessment of Student Performance and Progress (CAASPP). Ang inyong suporta ay napakahalaga sa tagumpay ng inyong anak. Ang layunin ng sulat na ito ay upang magbigay sa inyo ng kaalaman tungkol sa pagsusulit sa taong ito.

Una, pagbigyan ninyo ako bilang isang ina, dating guro sa silid-aralan at punong guro ng paaralan, nauunawaan kong ang nag-iisang puntos ng pagsusulit ay hindi makapagbibigay sa atin ng lahat ng ating kailangang malaman kung papaanong ang inyong mag-aaral ay natututo. Ang ating mga mag-aaral ay nakahihigit pa sa puntos ng minsan sa isang taon.

Ang ating adhikain ay upang matiyak na ang bawa't mag-aaral ay maging isang masiglang natututo, tumutulong na kasapi ng lipunan. Ang Common Core Standards (CCSS) ay nilikha na kasama ang ganitong adhikain. Ang pagsusulit na kukunin ng inyong mag-aaral nitong tagsibol, ang California Assessment of Student Performance and Progress (CAASPP), ay binalangkas upang sukatin kung papaano natin natutupad ang mga adhikaing ito,

Para sa paaralang taong 2018-19, ang CAASPP ay binubuo ang sumusunod:

- **Mga Pagtasang Smarter Balanced para sa English language arts at mathematics sa ikatlo hanggang ikawalong baitang, at ikalabin-isang baitang.** Ang pagtasang Smarter Balanced ay mga pagtasang gamit ang kompyuter at mga gawaing pinatutupad upang ang mga mag-aaral ay maipakita ang kanilang nalalaman at natutunan sa English language arts at mathematics.
- **Ang California Science Test (CAST), at ang California Alternate Assessment (CAA) sa Science Field Test para sa lahat ng mag-aaral sa ikalima, ikawalo, ikalabin-isa at ikalabindalawang baitang.** Ang CAST ay pagsusulit na nasa online sa California Next Generation Science Standards (CA NGSS). Ang CAA para sa Science Field Test ay batay sa kahaliling mga pamantayan sa nagagawa galing sa CA NGSS para sa mga mag-aaral na nakilalang may malubhang kapansanan.
- **Ang California Alternate Assessments (CAA) para sa English–language arts at mathematics sa ikatlong baitang hanggang ikawalo, at ikalabin-isang baitang.** Ang kabuuan ng CAA ay batay sa kahaliling mga pamantayang nagagawa na galing sa Common Core State Standards (CCSS) para sa mga mag-aaral na nakilalang may malubhang kapansanan
- **Ang California Spanish Assessment (CSA) para sa Reading/Language Arts sa ikatlo hanggang ikawalong baitang, at sa mataas na paaralan.** Ang CSA ay isang bagong pinagpipiliang pagsusulit sa Spanish na nakahanay sa California Common Core State Standards en Español. Itong pagsusulit na gamit ang kompyuter ay pinahihintulutan ang mga mag-aaral na magpakita ng kanilang kakayahan sa Spanish sa pakikinig, pagbasa, at pagsulat.

Kung nais ninyo ng karagdagang kaalaman tungkol sa CAASPP, pakiusap na dalawin ang websayt ng California Department of Education (CDE) CAASPP sa www.cde.ca.gov/ta/tg/ca/. Kung ayaw ninyong ang inyong anak ay sumali sa pagsusulit na CAASPP, dapat ninyong buuin ang Parent/Guardian Request to Exempt Student form na makukuha sa paaralan ng inyong anak.

Salamat sa inyong pakikipagtulungang magtagumpay ang lahat ng ating mga mag-aaral!

Taos-puso,



Cindy Marten
Tagapamahala ng Publikong Edukasyon